


# Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 2:  
Pagbibigay-alam sa Kinauukulan



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikalawang Markahan – Modyul 2: Pagbibigay-alam sa Kinauukulan  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jeremiah G. Miralles, Rhoda S. Bordallo

**Editor:** Caridad P. Baginon, Maria Cicelia B. Pacantarra

**Tagasuri:** Caridad C. Baginon, Asuncion S. Barola

**Tagaguhit:** Crisanto L. Lopera, Lemuel P. Valle Jr.

**Tagalapat:** Gualberto R. Gualberto Jr., Dean Pierre H. Besana, Lemuel P. Valle Jr.

**Tagapamahala:**

Ramir B. Uytico

Arnulfo M. Balane

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Amenia C. Aspa

Mariza S. Magan

Edgar Y. Tenasas

Mark Chester Anthony G. Tamayo

Gretel Laura M. Cadiong

Ranulfo L. Baay

Juliet L. Lim

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region No. VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832 - 2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

**5**

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikalawang Markahan – Modyul 2:  
Pagbibigay-alam sa Kinauukulan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Ang pagmamalasakit sa kapuwa ay mahirap na gawain sapagkat nangangailangan ito ng lubos na pagmamahal hindi lamang sa sarili kundi sa kapuwa-tao. Lalo't higit, kung ito ay kailangang ipagbigay alam sa kinauukulan sapagkat nangangailangan ng karampatang tulong dahil sa nakaambang panganib sa buhay.

Sa panahon ngayon, naglipana na ang masasamang loob sa lipunan na dahilan nang magulong pamayanan. Kung kaya, sa pamamagitan ng modyul na ito, matutulungan kang malayo sa masasamang gawain upang mas mapabuti ang iyong buhay.

Ang sumusunod na mga layunin ang tatalakayin sa modyul na ito:

- Nakapagbibigay-alam sa kinauukulan tungkol sa kaguluhan, at iba pa, pagmamalasakit sa kapuwa na sinasaktan/kinukutya/binubully.
- Natutukoy ang mga gawaing nagpapakita ng pagmamalasakit sa kapuwa.
- Nasasagot ang *graphic organizer* ng mga gawaing dapat ipagbigay alam sa kinauukulan.



## **Subukin**

**Panuto:** Basahin at unawain ang sumusunod na mga sitwasyon. Paano mo ipagbibigay-alam sa mga kinauukulan ang mga pangyayari? Isulat ang sagot sa kuwaderno.

1. Isang araw, papunta ka sa tindahan upang bumili ng pandesal. Nakita mo sa labas ng bahay ang mag-ama na kapitbahay mo na galit na galit ang tatay sa kaniyang anak. Sinabihan niya ang kaniyang anak nang masasakit na salita. Hindi lamang ito ang unang pagkakataong ginawa niya iyon sa kaniyang anak. Ano ang maaari mong gawin?
  - A. Sigawan ang tatay.
  - B. Hayaan lang na pagalitan ng tatay ang kaniyang anak.
  - C. Hindi pansinin ang sinapit ng anak ng iyong kapitbahay.
  - D. Ipagbigay-alam sa mga namumuno ng barangay upang maaksiyonan.

2. May bago kang kamag-aral mula sa isang malayong probinsiya. Kakaiba ang kaniyang hitsura. Naririnig mong lagi siyang kinukutya sa harap ng ibang mga bata tuwing *recess*. Ano ang dapat mong gawin?
  - A. Magsawalang kibo na lamang.
  - B. Isusumbong mo sa mga guro.
  - C. Huwag pansinin ang narinig.
  - D. Magagalit sa kanila.
  
3. Laging lumiliban sa klase ang magkapatid na Alan at Marlon dahil sila ang pinaghahanap-buhay ng kanilang amang may bisyo at tamad magtrabaho. Paano mo sila matutulungan?
  - A. Ipaalam sa mga kaklase ang tunay na dahilan kung bakit lagi silang lumiliban sa klase.
  - B. Ipagbigay-alam sa guro ang ginagawa sa iyong mga kaklase ng kanilang ama.
  - C. Hayaan lamang na lutasin nila ang kanilang problema.
  - D. Balewalain ang pangyayari.
  
4. May nag-aaway na mga highschool na mga kabataan, isang hapon pauwi ka ng bahay. Ano ang gagawin mo?
  - A. Ipagbigay alam sa mga awtoridad ang nagaganap na pag-aaway.
  - B. Manginig sa takot at tumakbo palayo sa pinangyayarihan.
  - C. Hayaan silang mag-away hanggang may manalo.
  - D. Tumakbo at magsisigaw sa daan.
  
5. Dahil sa sobrang higpit ng inyong guro, napansin ng ilan mong kamag-aral na sobra na ang kaniyang pagdidisiplina. May ilan kang mga kamag-aral na nagbabalak pumunta sa opisina ng punong-guro upang isumbong ang inyong guro. Ano ang maaari mong gawin?
  - A. Ako ay mananahimik lang.
  - B. Magsusumbong sa magulang.
  - C. Hindi papansinin ang kaniyang ginagawa.
  - D. Pagsasabihan mo ang mga kaklase na kausapin ang inyong guro.
  
6. Sa panahon ng pandemya, ipinatupad ng pamahalaan ang *stay home*, pagsusuot ng *mask*, *social distancing*, at pagbabawal sa mga kabataan na may edad na 21 taong gulang pababa at mga *Senior Citizen* na lumabas ng bahay. Nakita mo ang inyong kapitbahay na nasa labas ng bahay at walang suot na *face mask*. Nakita mo na wala siyang suot na *face mask*. Ano ang gagawin mo?
  - A. Sigawan dahil hindi sila nagsuot ng *face mask*.
  - B. Hayaan na lang sila upang paulit-ulit nila itong gagawin.
  - C. Lapitan mo at pagsabihan sila na kailangang magsuot ng *face mask*.

- D. Ipaalam sa mga magulang upang sila ang magsumbong sa Punong Barangay.
7. Ikaw ang presidente ng inyong klase. May tungkulin kang dapat gampanan tulad ng pagiging mabuting lider at tagapamahala ng buong klase. Hindi inaasahang nakita mo ang isang batang lalaki na palihim na kinuha sa pitaka ng inyong guro. Ano ang gagawin mo?
- A. Sisigawan ang batang lalaki.
  - B. Ipapahiya sa buong klase.
  - C. Lalapitan at kukunin ang pera, pagkatapos ay sasaktan siya.
  - D. Sasabihan siya na isauli sa guro ang pitaka na kaniyang kinuha.
8. Bawat miyembro ng pamilya ay may kani-kaniyang gawaing bahay. Bunso ka, kaya ang gawain mo ay magaan lamang. Subalit, pinag-igib ka ng tubig ng Ate mo na alam niya na hindi mo pa kayang gawin. Hindi mo sinunod ang kaniyang utos kaya sinaktan ka niya. Ano ang gagawin mo?
- A. Isumbong sa pulis.
  - B. Isumbong sa kapitan.
  - C. Isumbong sa magulang.
  - D. Tumawag sa pinakamalapit na opisina ng DSWD.
9. May nakita kang pitaka sa *canteen* ng paaralang pinasukan mo. Binuksan mo ang pitaka at nakita ang malaking halagang laman nito. Walang ibang nakakaalam maliban sa iyo. Ano ang gagawin mo?
- A. Ipagbigay-alam sa prinsipal at ibigay ang pitakang nakita.
  - B. Itago at maghintay kung sino ang maghahanap nito.
  - C. Sabihin sa mga kaibigan at mga kaklase.
  - D. Ipaalam at ibigay sa mga magulang.
10. May kaguluhang nagaganap sa inyong barangay. Ano ang gagawin mo?
- A. Makisali sa away ng mga kabataan.
  - B. Ipagbigay-alam sa pulis ang pangyayari.
  - C. Ipagbigay-alam sa mga barangay tanod.
  - D. Isa-isang pupuntahan ang mga magulang ng mga nag-aaway.

## Aralin

# 1

## Pagbibigay-alam sa Kinauukulan

Isang paraan upang madaling maayos ang isang gusot o problema ay ang wastong pagbibigay-alam sa kinauukulan. Isang masusing desisyon ang dapat isipin kung sino ang taong karapat-dapat lapitan na maaaring makatutulong sa problemang nais lutasin.



### *Balikan*

**Panuto:** Basahin at suriin ang mga sitwasyon sa bawat bilang. Isulat sa iyong kuwaderno ang salitang **OO** kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng pagdamay sa kapuwa. Isulat naman ang salitang **HINDI** kung sa iyong palagay ay walang pagdamay na ipinapakita sa sitwasyon.

1. Itinatago mo ang bagay na hinahanap ng iyong kapatid.
2. Tinutulungan mo ang iyong kamag-aral na nadulas sa pasilyo ng paaralan.
3. Inaaway mo ang bago ninyong kaklase.
4. Hindi mo binibigyan ng pagkain ang nanghihingi sa iyo.
5. Nakipaglaro ka sa isang batang nakita mong nag-iisa sa gilid ng inyong silid-aralan.





## **Tuklasin**

Basahin at unawain ang maikling kuwento sa ibaba. Sagutin ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

### **MUNTING PANGARAP**

Isinulat ni: Asuncion Sibi Barola

Sa isang nayon, may dalawang matalik na magkaibigang sina Julio at Pedro. Sila'y magkababata at ang turing nila sa isa't isa ay parang magkapatid. Nais nilang makapagtapos ng pag-aaral.

Walang problema si Julio sa kaniyang pag-aaral dahil nasa tabi niya palagi ang kaniyang mga magulang na handang sumuporta sa kaniya kahit magsasaka lamang sila.

Samantalang si Pedro ay nahihirapang makapag-aral dahil sa hirap ng buhay. Nangungupahan lamang sila sa lupang kanilang sinasaka. Ngunit pursigido siyang makatapos ng pag-aaral kaya naghahanap siya ng paraan para matustusan ang kaniyang pangangailangan sa paaralan. Tuwing Sabado at Linggo, naglalako siya ng diyaryo at ang kaniyang kita ay iniipon niya.

Magkasama si Pedro at Julio kung pumasok sa paaralan. Binibigyan ni Julio si Pedro ng baon at papel araw-araw.

Nang nasa ikalimang baitang na sila, nahinto sa pag-aaral si Pedro dahil nagkasakit ang kaniyang ama, at wala nang katuwang ang kaniyang ina sa paghahanapbuhay. Pumasok siya bilang tagapag-alaga ng baboy sa isang *piggery* malapit sa kanilang nayon. Tinanggap siya at nagkaroon ng sahod na limampung piso bawat buwan.

Humingi siya ng pahintulot sa kaniyang amo na makapag-aral habang nagtatrabaho. Sa una, hindi pumayag ang kaniyang amo dahil mapapabayaang trabaho nito, subalit dahil sa pagmamakaawa niya ay sumang-ayon din ito.

Sa simula ay mabuti ang pakikitungo ng kaniyang amo sa kaniya. Subalit nang lumipas ay nagbago ang lahat. Palagi siyang pinagagalitan, sinisigawan at sinsaktan. Sa maliit na pagkakamali, nakatitikim siya ng palo at pinahihinto na rin siya sa pag-aaral.

Dahil sa ilang araw ng hindi pumapasok sa paaralan si Pedro ay nagtaka si Julio. Upang malaman ang dahilan ay pinuntahan niya ito sa pinapasukang trabaho.

Nakita niya ang matalik na kaibigan sa gilid ng *piggery* na nagbabasa ng aklat. Nalungkot siya nang makita niya ang maraming pasa sa kamay at paa ni Pedro. Ayon pa rito ay hindi alam ng mga magulang nito ang nangyayaring pagmamalupit sa kaniya. Hindi raw ito alam ng kaniyang mga magulang.

Nang umuwi si Julio, sinabi niya sa kaniyang ina ang mga nalaman tungkol sa kalagayan ni Pedro. Dahil parang anak na rin ang turing ng mga magulang ni Julio kay Pedro, dali-dali nilang pinuntahan ang magulang ni Pedro upang ipagbigay-alam ang buhay ng kanilang anak sa kamay nang malupit nitong amo.

Agad silang pumunta sa pinagtatrabahuan ng anak kasama ang mga magulang ni Julio. Nakita nila ang nakakaawang kalagayan nito. Nakipag-usap sila sa amo nito at isinama pag-uwi ang bata. Lumapit sila sa DSWD upang matulungan sila sa sinapit ng anak. Ipinatawag ng DSWD ang amo ni Pedro upang papanagutin ito.

Dahil may mabuting kalooban ang mga magulang ni Pedro ay pinatawad nila ito at hiniling na lamang na ipagamot ang anak at sinabihan na huwag ng mananakit ng kapuwa.

Mula noon, nakapagpatuloy na sa pag-aaral si Pedro sa tulong ng mga magulang ni Julio. Natapos niya ang elemtarya na may karangalan. Natupad na niya ang kaniyang munting pangarap.

### **Mga Tanong.**

1. Ilarawan ang sitwasyon ng dalawang bata na tauhan sa kuwento.
2. Ano ang kanilang munting pangarap sa buhay ayon sa kuwento? Sa iyong palagay, bakit ito ang kanilang pangarap?
3. Sa dalawang bata, sino ang mas nangangailangan ng pagmamalasakit? Bakit?
4. Ilarawan ang naging balakid sa pag-aaral ni Pedro.
5. Ano-ano ang mga ginawang pagmamalasakit ni Julio kay Pedro? Paano niya ito ipinapakita?
6. Kanino unang sinabi ni Julio ang masamang karanasan ni Pedro? Bakit?
7. Anong ahensiya ng pamahalaan humingi ng tulong ang magulang ni Pedro? Bakit?



## ***Suriin***

Ang pagmamalasakit ay ang pag-aalala sa kapakanan ng kapuwa at pagganap ng tungkulin para sa ikabubuti ng isang tao. Ito ay kusang ginagawa na walang hinihinging kapalit, gagawin mo kung ano ang utos ng iyong puso at isipan para sa mga taong nangangailangan.

Sa inyong murang edad, kailangan na maging bukas ang palad sa lahat ng panahon. Maraming pangyayari sa paligid na kung saan ang tulong ay kailangan. Bilang kabataan, kailangang may malasakit kayo sa kapuwa. Ugaliing tumulong sa mga taong nangangailangan.

Ang pagbibigay-alam sa kinauukulan tungkol sa mga pangyayari tulad ng kaguluhan, pangungutya o pambubully ay pagpapakita ng pagmamalakasakit sa kapuwa. Ito ay isang huwarang kaugalian ng mga Pilipino.

Ugaliing maging mapagmatyag sa mga pangyayari sa iyong paligid. Isumbong sa tamang kinuukulan kung mayroong nagaganap na hindi karapat-dapat at kailangang mabigyan ng solusyon.



## ***Pagyamanin***

**Gawain 1:** Suriin ang mga larawan. Gamit ang *graphic organizer*, isulat ang titik ng mga larawan na nangangailangan ng tulong o kailangang isumbong sa kinauukulan. Gawin ito sa sagutang papel.

A.



B.



C.




D.



E.



F.



**Gawain 2:** Basahing mabuti ang mga sitwasyon sa ibaba. Tukuyin ang pagmamalasakit na maaari mong gawin bilang isang mag-aaral na angkop sa hinihingi ng sitwasyon. Tingnan ang halimbawa bilang gabay. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Halimbawa: Nawala ang aklat ng iyong kaibigan.

Sagot: *Tulongang hanapin ang aklat ng kaibigan.*

1. Nasunog ang bahay ng iyong kapitbahay.
2. Namatay ang ama ng iyong kaklase.
3. Isang kaklase mo ang laging lumiliban sa klase dahil walang baon.
4. Nagkakasakit ang iyong magulang.
5. Nilalaro ng bata ang watawat ng Pilipinas.



### ***Isaisip***

Bakit dapat ipagbigay-alam sa kinauukulan kung may kaguluhang nangyayari? Paano mo maipakikita ang iyong pagmamalasakit sa kapuwa na sinasaktan/kinukutya/binubully? Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

---

---



### ***Isagawa***

**Panuto:** Basahin ang pahayag at sagutin ang mga tanong. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

1. Binu-*bully* ang kaklase mong may kapansanan. Paano mo siya matutulungan?

- 
- 
2. Laging lumiliban sa klase ang kaklase mong magkapatid dahil sa sila ang pinaghahanapbuhay ng ama nilang may bisyo at tamad magtrabaho. Paano mo sila matutulungan?
- 
- 



## **Tayahin**

**Panuto:** Basahing mabuti ang mga pahayag sa ibaba. Isulat sa papel ang **T** kung **tama** ang pahayag at **M** naman kung **mali**.

- \_\_\_\_\_ 1. Ipagbigay-alam sa pulisya ang mga kaguluhan sa inyong lugar.
- \_\_\_\_\_ 2. Isumbong ang kaklaseng nambu-*bully* sa klase.
- \_\_\_\_\_ 3. Pagtawanan ang mga batang nagtatrabaho sa murang edad.
- \_\_\_\_\_ 4. Bigyan ng makakain ang mga batang nasa lansangan.
- \_\_\_\_\_ 5. Ipagbigay-alam sa DSWD ang kaibigang minaltrato ng mga magulang.
- \_\_\_\_\_ 6. Kutuyain ang batang lansangan at palaboy-laboy sa kalye.
- \_\_\_\_\_ 7. Ipaalam sa mga opisyal ng barangay ang mga batang kapitbahay na hindi sumusunod sa mga babala.
- \_\_\_\_\_ 8. Palaging pinagsasabihan nang masasamang salita ang anak.
- \_\_\_\_\_ 9. Kinakaibigan ang kamag-aral na naiiba ang hitsura.
- \_\_\_\_\_ 10. Isusumbong sa guro ang nangungutya sa may kapansanan




## ***Karagdagang Gawain***

Gumuhit o gumupit ng isang larawan tungkol sa karanasang nagpapakita ng malasakit sa inyong kapuwa. Idikit ang iginuhit na larawan sa iyong sagutang papel. Ipaliwanag kung bakit ito ang napili.



## Susi sa Pagwawasto

<p><b>Tayahin</b></p> <p>1.T 2.T 3.M 4.T 5.T 6.M 7.T 8.M 9.T 10.T</p> <p><b>Karagdagang Gawain</b></p> <p>Maaring magkaiba-iba ang sagot.</p>	<p><b>Isagawa</b></p> <p>Maaring magkaiba-iba ang sagot.</p> <p>1. Tutulongan ko siya dahil kawawa naman ang kaklase ko. Ipakikita ko sa kaniya na may nagmamahal sa kaniyang kaklase at nagmamalasakit sa kaniya. 2. Ipaalam ko sa guro ang pangyayari upang mabigyan ng lunas ang problemang ito ng magkakapatid</p>	<p><b>Subukin</b></p> <p>1.D 2.B 3.B 4.A 5.D 6.C 7.D 8.C 9.A 10.C</p>
<p><b>Pagymanin</b></p> <p>Gawain 1. A, B, C, E</p>  <p>Gawain 2.</p> <p>1. Magbigay ng pagkain at lumang damit 2. Damayan ang kabigang sa kaniyang kalungkutan 3. Maghandog ng tulong at turuan sa mga aralin na wala siya dahil di siya nakapasok. 4. alagaan ang magulang 5. Kunin ang watawat at pagsabihang mali ang ginawa niya.</p>	<p><b>Balikan</b></p> <p>1. Hindi 2. Oo 3. Hindi 4. Hindi 5. Oo</p>	



## **Tuklasin**

1. Sina Julio at Pedro ay matalik na magkabiligan at nagtuturinganang magkapatid palibhasa sila'y magkabata.
2. Ang makatapos ng pag-aaral ang kapwa mithi upang maihaon ang sarili at pamilya sa kahirapan.
3. Ang pagsasaka ang kapwa ikinabubuhay ng pamilya nina Julio at Pedro.
4. Walang problema si Julio sa pag-aaral dahil sa palagiang suportang mga magulang na talibas sa mahirap na buhay ng pamilya ni Pedro sapagkat ito'y nangungupahan lamang sa lupang sinasaka nito.
5. Si Pedro ay napilitang maghanapbuhay sa pamamagitan ng paglalako ng ng diyaryo tuwing Sabado at Linggo upang matustusan ang kanyang pangangailangan sa pag-aaral at sinisnop ang kanyang kinikita.
6. Binibigyan ni Julio si Pedro ng papel at baon araw-araw bilang tanda ng pagmamalasakit. Nag-aalala rin ito kapag lumiliban sa klase si Pedro. Pinapasyalan niya sa lugar kung saan ito naghahanapbuhay upang kumustahin.
7. Dala ng awa sa sinapit ng kanyang matalik na kaibigan pinagbigay alam kaagad ni Julio sa kanyang magulang ang kaawa-awang sinapit nito tulad ng di maayos na pagpapakain at ang kanunos-nunos natatanggap na pagmamalupit tulad ng mga tinatamo nitong mga pasa at karahasan mula sa kanyang amo.
8. Ang Kagawarang ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaulad o DSWD sapagkat ito'y nangangalaga sa karapatan at proteksyon bawat Pilipino lalo na ng mga kabataan sa kagalingan at pagpapayabong ng pag-unlad ng lipunan

## ***Sanggunian***

K to 12 Curriculum Guide 2016 in EsP Grade 5, pah.71

ESP Grade 5 TG Isagawa Natin Gawain 1 pp. 9-10, Tandaan Natin p. 11

Regional Test Item Bank p. 31

Tacloban City Division Contextualized Lesson Plan in ESP Grade 5

Kuwento: Munting Pangarap, Isinulat ni: Asuncion Barola.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)